
GRADE VI

# SANGAY NG PAMAHALAAN: KARAMAY NG BAYAN

## ALAMIN MO




*Ano ang ipinakikita sa tanghalan?*

*Sa iyong palagay, anong ahensya ng pamahalaan ang nagbigay na ng tulong sa taong bayan?*

Ang nilalaman ng modyul na ito ang magbibigay ng malawak na impormasyon sa iyo kung paano ang ating sangay ng pamahalaan ay nagiging karamay ng ating lipunan higit sa lahat ng mga Pilipino.

## PAGBALIK-ARALAN MO


Kilalanin mo kung anong uri ng pamahalaan ang tinutukoy sa pangungusap. Nakasulat sa kahon sa ibaba ang mga pagpipilian.

1. Ang mga tao ang naghalal ng taong kakatawan sa kanila.
2. Ang pamumuno ay minamana.
3. Nakasalalay sa isang pangkat lamang ng tao ang kapangyarihan nito.
4. Isang uri ng pamahalaan na kung saan ang kapangyarihan ay nanggaling sa iisang tao lamang.
5. May karapatan ang mga taong tumutol o sumalungat sa pamahalaan.


| | |
|---|---|
| Demokratiko<br>Monarkiya<br>Parliyamentarya<br>Diktador | Oligarkiya<br>Aristokrasya<br>Totalitaryan |

## PAG-ARALAN MO

Pag-aralan ang larawan.




Tulungan po ninyo ako Diyos ko. Sana mabigyan ako ng hustisya.


Marami ang naitutulong ng mga sangay ng pamahalaan natin. Ginagawa nila kaagad ang kalutasan ng problema upang matulungan ang mga tao. Nagpapatayo ng maraming bahay ang pangulo at binibigyan ng kaluwagan sa trabaho ang mamamayan. Maliban dito pinapanatili rin nila ang kaayusan at katahimikan ng bansa.

Anong mga bagay ang ginagawa ng bawat sangay ng pamahalaan sa taong bayan batay sa isinasaad ng “Komik Istrip”?

Bilang karagdagan sa iyong kaalaman tingnan mo ang sistema ng pamamahala ng tatlong sangay ng pamahalaan

**Mga Sangay ng Pamahalaan**

**Tagapagpaganap**

1. Pangulo ang may kontrol
2. Humirang at mag-tiwala sa tungkulin
3. Makipagkontrata o gumarantiya sa utang sa labas
4. Magpatupad ng batas
5. Maghanap ng Pambansang Badyet sa Kongreso ng Pilipinas.

**Tagagawa ng batas**

1. Ang kapangyarihang tagapagbatas ay sa Kongreso ng Pilipinas.
2. Gumawa ng mga batas, magbago at magpawalang bisa sa mga ito.
3. Imbestigahan ang mga bagay na pampubliko tungkol sa gawain ng pamahalaan.
4. Magpatunay, magpatotoo at magbilang ng boto para sa pangulo.

**Tagahukom**

1. Magbigay kahulugan sa Saligang Batas
2. Liwanagin at isakatuparan ang ipinag-uutos ng batas.
3. Duminig at lumutas ng mga hidwaang may kinalaman sa karapatan at tungkulin ng mga mamamayan.

\

## PAGSANAYAN MO

Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ilan ang sangay ng pamahalaan?
    A. 4
    B. 3
    C. 2
    D. 5

2. Sino ang pinuno ng tagapagpaganap?
    A. hukom
    B. senado
    C. pangulo
    D. pangalawang pangulo

3. Bakit mahalaga ang Kataas-taasang Hukuman?
    A. para yumaman ang kasapi nito
    B. masuri ang taunang batas ng pamahalaan
    C. para maparusahan ang gusto nilang maparusahan
    D. para maiwasan ang pagmamalabis at pagkakamali ng nasa mababang hukuman

4. Ang sangay ng pamahalaan na nagpapatupad ng mga batas upang mapangalagaan ang mga karapatan, buhay at ari-arian ng mga mamamayan ay ang
    A. batasan
    B. konseho
    C. hudikatura
    D. panguluhan

5. Bakit sinasabing malaya ang mga hukuman sa Pilipinas?
    A. nabibili ang kanilang mga desisyon
    B. pinapanigan nila ang mga mahihirap
    C. pinapanigan nila ang mg mayayaman
    D. walang pinapanigan ang kanilang mga desisyon

## TANDAAN MO

- *May iba’t ibang tungkulin ang sangay ng pamahalaan.*

## ISAPUSO MO

Nagkagulo sa inyong pamayanan. Naroon ka at nasaksihan ang simula ng kaguluhan. Kitang-kita mo ang mga taong gumagawa ng away. Ano ang magagawa mo upang makatulong ka sa kaayusan ng pagtatalo at upang maiwasan ang alitan? Magbigay ng maikling paliwanag sa sagutang papel.

__________________________________________________________

_____________________________________________________________


_____________________________________________________________

_____________________________________________________________



## GAWIN MO

Punan mo ng sagot ang grapiko sa iyong kuwadernong sagutan. Itala ang tatlong sangay ng pamahalaan at ang tungkulin nito sa bilog.





## PAGTATAYA


Isulat mo kung anong sangay ng pamahalaan ang tinutukoy.

_______1. May kapangyarihang gumawa ng mga batas.
_______2. Nakasalalay ang kapangyarihang dinggin at lutasin ang mga suliraning may kaugnayan sa pagpapatupad ng batas.
_______3. Nagpapatupad ng batas upang mapangalagaan ang mga mamamayan.
_______4. Dinidinig at nilulutas ang mga hidwaan sa pagitan ng mga mamamayang pribado at pampubliko.
_______5. May kapangyarihang gumawa, bumuo at magtibay ng mabibisa at legal na mga batas.

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Magsaliksik tungkol sumusunod:

A. Mga senador sa kasalukuyan
B. Pangalan ng mga hukom sa kataas-taasang Hukuman ng Pilipinas



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.